

Maunawaan ang iyong credit score

Ginagamit ng mga bangko, kompanya ng credit card at iba pang negosyo ang mga credit score para mataya ang posibilidad na mabayaran mo ang perang hiniram mo.

Kapag mas mataas ang score, mas madaling maging kwalipikado para sa isang loan at mas mababang antas ng interes. Maraming score ang mula 300 hanggang 850, pero gumagamit ng magkakaibang lawak ang iba't ibang kompanya.

Marami kang credit score

Puwede kang magkaroon ng higit sa isang score, dahil:

- Gumagamit ng magkakaibang score para sa iba't ibang produkto ang mga nagpapautang
- May iba't ibang formula para sa pagkuha ng credit score
- Puwedeng manggaling ang impormasyon sa iba't ibang mapagkukunan sa pag-uulat ng credit

Halimbawa, puwedeng iba ang credit card score sa home loan score, at puwedeng magkaiba ang anumang score na binili mo online.

Para sa ilang tao, hindi masyadong malaki ang mga pagkakaibang iyon. Pero dahil gumagamit ng iba't ibang score ang mga nagpapautang, puwede kang maging kwalipikado para sa mas mabababang antas sa isang nagpapautang at hindi sa isa pa. Mainam din ang maghanap-hanap sa iba.



Saan nanggagaling ang mga credit score?

Karaniwang nakabatay ang mga credit score sa impormasyon sa iyong mga credit report. Iniuulat ng mga nagpapautang ang impormasyong ito sa mga kompanya sa pag-uulat ng credit. Ang tatlong pinakamalaki ay ang Equifax, Experian, at TransUnion.

Maraming salik ang nakakaapekto sa iyong credit score, kabilang ang:

- Ilan ang credit account mo
- Gaano katagal na sa iyo ang mga account na iyon
- Gaano ka na kalapit sa pinakamataas na antas ng iyong credit
- Gaano kadalas na nahuhuli ka sa iyong mga pagbabayad
- Iba pang salik

Paano pataasin ang iyong score

- May malaking epekto sa iyong score ang **palaging pagbabayad ng iyong mga bayarin sa tamang oras**. Isang paraan para tiyaking nasa oras ang mga pagbabayad mo ay magtayo ng mga awtomatikong pagbabayad, o magtayo ng mga elektronikong paalala. Kung may mga napalampas kang pagbabayad, maging nasa tamang oras at manatiling nasa oras ang pagbabayad.
- **Huwag mapalapit sa pinakamataas na antas ng iyong credit**. Ang mga modelo ng pag-score ng credit ay tumitingin sa gaano ka na kalapit na “ma-maxed out” [nasa sukduhan], kaya subukang panatilihing mababa ang proporsyon ng iyong mga balanse sa iyong kabuuang limitasyon ng credit. Ipinapayo ng mga eksperto na panatilihing hindi hihigit sa 30 porsyento ng kabuuang limitasyon ng iyong credit ang paggamit ng iyong credit.
- **Nakakatulong sa iyong score ang mahabang kasaysayan ng credit**. Ang mga credit score ay nakabatay sa karanasan sa loob ng mahabang panahon. Gumaganda ang iyong score habang tumatagal ang iyong credit, nagbubukas ng iba’t ibang uri ng account, at nagbabayad ng iyong utang sa takdang oras.
- **Maging maingat sa pagsasara ng mga account**. Kapag isinara mo ang ilang credit card account at inilalagay ang halos lahat o lahat ng balanse mo sa credit card sa iisang card, puwede itong makasama sa iyong credit score kung gumagamit ka ng mataas na porsyento ng kabuuang limitasyon ng iyong credit. Ang madalas na pagbubukas ng mga account at paglilipat ng mga balanse ay makakasama rin sa score mo.
- **Mag-apply lang ng credit na kailangan mo**. Tinitingnan ng mga credit score ang iyong kamakailangang aktibidad ng credit bilang tagapagpahiwatig ng pangangailangan mo para sa credit. Kung nag-apply ka ng maraming credit sa maikling panahon, baka lumabas na mas lumala ang iyong sitwasyon sa pera.

Mahalaga ang iyong credit report gaya ng iyong score

Makakasama sa iyong kasaysayan at score ng credit ang mga pagkakamali sa iyong mga credit report, kaya regular na tingnan ang mga ito.

Puwede kang makakuha ng isang libreng credit report mula sa bawat isa sa tatlong kompanya sa pag-uulat ng credit kada 12 buwan. Pumunta sa annualcreditreport.com (sa Ingles) o tumawag sa 877-322-8228. Dagdag pa, nagbibigay ang Equifax ng anim na libreng credit report kada 12 buwan, hanggang sa December 31, 2026. Kapag bumisita ka sa site, makakakita ka ng mga hakbang para mas madalas na tingnan ang mga na-update ng ulat online. Nagbibigay ito sa iyo ng mas magandang kakayahan para bantayan ang mga pagbabago sa iyong credit.

Kapag nakuha mo ang iyong ulat, hanapin ang:

- Mga mali sa iyong pangalan, numero ng telepono, o address
- Mga utang, credit card, o iba pang account na hindi sa iyo
- Mga ulat na nagsasabing nahuli ka ng bayad pero nagbayad ka sa takdang panahon
- Mga isinara mong account na nakalista bilang bukas na account
- Mga parehong item na ipinapakita nang mahigit sa isang beses (gaya ng hindi pa nabayarang utang)

Paano ayusin ang mga pagkakamali





Kapag may nakita kang mali sa iyong credit report, puwede kang makipag-ugnayan sa kompanya sa pag-uulat ng credit at sa kompanya na nagbigay ng impormasyon (halimbawa, ang iyong kompanya ng credit card). Ipaliwanag kung ano ang mali at kung bakit. Maglakip ng mga kopya ng mga dokumento para suportahan ang iyong pagtutol. May kasamang mga tagubilin ang iyong mga credit report kung paano itutol ang mga pagkakamali.

Tungkol sa amin

Kinokontrol ng Kawanihan ng Pangangalaga ng Pananalapi ng Konsyumer (Consumer Financial Protection Bureau, CFPB) ang mga pag-aalok at pagbibigay ng mga produkto at serbisyong pampinansyal para sa konsyumer sa ilalim ng mga pederal na batas para sa pananalapi ng konsyumer, at binibigyan ng kaalam at kakayahan ang mga konsyumer para gumawa ng mas matalinong desisyon kaugnay ng pananalapi.

Matuto pa sa consumerfinance.gov (sa Ingles)

Makipag-ugnayan sa amin

-  Magsumite ng reklamo sa consumerfinance.gov/complaint
-  Ibahagi ang iyong kuwento sa consumerfinance.gov/your-story
-  Makakuha ng mga sagot sa mga tanong tungkol sa pera sa consumerfinance.gov/askcfpb
-  Ibahagi ang iyong mga pananaw sa facebook.com/cfpb
twitter.com/cfpb